

# 1

Bahagyang napangiti si Ivan habang pinagmamasdan ang mga bagong kasal. Nasa ballroom sila ng isang sikat na hotel. Iyon ang venue ng wedding reception. Abot-taingang ang ngiti ni Martin, isa sa mga kaibigan niya, habang isinasayaw si Megan, ang blushing bride nito. Nang makita ng mga itong nanonood siya ay nagbigay ng thumbs-up sign ang groom sa kanya. He raised his goblet to his friend.

*Another mission accomplished*, sabi niya sa sarili. Madaragdagan na naman ng mga pangalan ang listahan niya ng couples na nagmartsa sa altar nang dahil sa kagagawan niya. Madalas siyang tawaging ‘Cupid’ ng mga kaibigan dahil hilig niyang i-match ang mga kaibigan niyang binata sa mga babaeng sa tingin niya ay babagay sa mga ito. Not that they were complaining. Nag-e-enjoy pa nga ang mga ito sa tuwing sine-setup sila ni ‘Cupid’ to a blind date.

Engrossed si Ivan sa panonood sa newlyweds kaya hindi niya namalayan ang paglapit ng dalawa niyang katropa.

“Hey, bro, you have that adorable twinkle in your eyes just now. Thinking of settling down, too?”

sabi ni Aries sa tonong nang-aasar.

“Ulol! Mag-settle down ka kung gusto mo, huwag ka nang mandamay pa ng iba,” ganting biro niya. “Come to think of it, I have someone in mind for you.”

“Nah, don’t bother. I’m still reeling from my break-up with that two-timer witch, Clarisse. Ipasa mo na lang kay Craig ’yung girl na sinasabi mo.” Siniko nito ang isa pa nilang kaibigan.

“No, thanks,” sagot ni Craig. “I’m all work and no time for love, bro. I think I’ll pass, thank you very much.”

Nagkibit-balikat na lang si Ivan sa pagtangga ng mga ito.

“But seriously, pare, you have that odd look in your eyes habang pinagmamasdan mo si Martin and his bride,” pangungulit ni Aries.

“You look a bit nostalgic. What’s the matter, man? Are you longing for that girl who got away?” sabat ni Craig. “Don’t tell me na hanggang ngayon ay wala ka pa ring nakikitang kapalit ni Rochelle?”

“Hindikopa nakikita dahil hindi akonaghahanap. It’s that simple, guys,” pagtatanggol niya sa sarili.

Nagkatinginan ang dalawang kaibigan niya.

“Man, what kind of a matchmaker are you, anyway? You help people find their soulmates, but you can’t find yours? That’s the most hilarious thing I’ve ever heard. Seriously,” nakangising sabi ni Aries, ang numero unong alaskador ng tropa.

“And you are probably the worst Cupid I’ve ever known,” dagdag pa ni Craig.

Sabay na natawa ang dalawa. Pati na si Martin na kakalapit lang sa kanila ay nakitawa na rin kahit na hindi nito sigurado kung ano ang pinagtatawanan ng dalawa.

Nagsalubong ang mga kilay ni Ivan. Malapit na siyang mapikon sa pambubuska ng mga kaibigan. Napansin ni Aries ang pag-asim ng mukha niya. Siniko siya nito.

“We were only kidding, man. Ikaw naman napipikon ka agad. You know, if you were a woman, I’d say it’s the time of the month,” biro nito. “First day ba?”

Doon naubos ang pasensya niya sa mga kaibigan. “Go to hell, both of you,” asar na sagot niya. “Para kayong nasa kindergarten. Grow up, for Christ’s sake.”

Sa inis ay nilayasan niya ang tatlo. Hindi pa man niya nauubos ang kanyang red wine ay inilapag na niya ang hawak na kopita sa bakanteng table na nadaanan niya. Dinig pa rin niya ang tawanan ng tatlo habang papalayo siya sa mga ito. Dumerecho siya sa balcony ng hotel.

Wala siyang nadatnang tao roon kaya solong-solo niya ang lugar. He took a deep breath to calm himself.

*Easy ka lang,* he told himself. Hindi niya maintindihan kung bakit masyado siyang sensitive ngayong gabi sa mga biro nina Craig at Aries gayong kayang-kaya naman niyang makipagsabayan sa mga ito pagdating sa kanyawan.

Magkakasing-edad sina Ivan, Martin, Craig at Aries. Sa kanilang apat ay si Martin ang unang lumagay sa tahimik. No surprises there. Martin had always been the romantic type. Biro nga ni Aries, the groom was the first casualty of war. Si Craig ay medyo may pagkaseryoso. Lumalabas lang ang pagiging alaskador nito kapag kasama si Aries, na isang well-known playboy. At sa kanilang apat ay siya naman ang pinakamapili sa babae.

Lahat sila ay nagbuhat sa mayayamang angkan. At wala ring itulak-kabigin sa kanila pagdating sa

paguwapuhan. They were all gorgeous men who were successful in the line of business they chose.

It must be the pressure to find the right woman and get married, Ivan decided. Lately kasi ay kinukulit na siya ng kanyang mga magulang na mag-asawa na. Iyon ang disadvantage ng pagiging solong anak. He was obligated to get married whether he was ready or not. Halos lahat yata ng mga kamag-anak nila ay pine-pressure siya na mag-asawa na. It was the reason why he hated going to weddings.

At twenty-nine, wala pa siyang kabalak-balak na mag-asawa. Sure, he fixed his single friends up with other single people. That was just for fun. Masaya siya kapag nauwi sa kasalan ang dalawang taong pinag-match niya. Okay rin lang kung mauwi sa iyon sa wala. The point was, he was content on being their Cupid. He was quite happy to be the matchmaker... but never the groom.

“OKAY, that’s it for today. I’ll see you next meeting,” anunsyo ni Miss Jhoanna Javier sa kanyang klase matapos ang isang oras na discussion. Halos sabay-sabay na nagsitayuan ang mga estudyante na pawang nasa first year college. Binasag ng mga boses ng mga ito ang kanina lang ay tahimik na

silid-aralan.

“And don’t forget to submit your assignment on Monday,” pahabol na paalala niya.

Nagprisinta ang isang estudyante na ito na ang magbubura sa blackboard. Nagpasalamat naman siya.

Inaayos niya ang gamit nang lapitan siya ng isang babae.

“Ma’am Jhoanna, pinapatawag po kayo sa Guidance Office,” anunsyo ni Ruby, staff ng kolehiyo na kinabibilangan niya.

Bahagya siyang nagtaka. “Bakit daw?”

“May problema yata sa isang estudyante from your advisory class,” sagot nito.

“Thanks, Ruby. Papunta na ako roon,” sabi niya. Binalingan niya ang estudyante na noon ay patapos na sa pagbubura ng pisara. “Victor, salamat, ha? Puwede ka nang umuwi.”

“Yes, Ma’am,” sagot nito.

Lumabas na ng classroom si Jhoanna, bitbit ang mga gamit. Nang makarating siya sa Guidance Office ay nadatnan niyang nag-uusap si Mr. Guarin,

ang university guidance counselor, at si Mrs. Nenita Alvarez na taga-Math Department. Tahimik na nakikinig sa kanila si Ozzy, miyembro ng advisory class niya. The teenager was obviously bored, despite the fact na parang armalite ang bunganga ng babaeng guro sa katatalak.

Huminga siya nang malalim. Kilala si Mrs. Alvarez bilang magaling pero masungit na professor.

Sinulyapan niya ang tiyan nito. Kabuwanan na nito, pero hindi pa ito nagma-maternity leave. Pang-anim na pagbubuntis na iyon ng mataray na propesora. Usap-usapan sa buong university ay sa tuwing nagbubuntis ang guro, nadaragdagan pang lalo ang kasungitan nito.

Sa ngayon ay mukhang high blood na naman ito. Sinulyapan niya si Ozzy. Pihadong may kinalaman ang binatilyo sa panggagalaiti ng buntis na propesora.

Tumikhim siya.

“Ah, Professor Javier, thank you for coming on such short notice,” bati ni Mr. Guarin nang makita siya. “Please, have a seat.” Itinuro nito ang isang silya sa tabi ni Ozzy. “We may have a slight problem with one member of your advisory class, Professor

Javier,” panimula nito nang makaupo na si Jhoanna. “It seems that—”

“Slight problem, Mr. Guarin?” sabat ni Professor Alvarez. “I wouldn’t call it a slight problem. My God, muntik na akong mapaanak! Mabuti na lang at malakas-lakas ang loob ko, kung hindi’y baka nasa ospital na ako ngayon.” Hinimas-himas nito ang malaking tiyan.

Tinapunan ng dalaga ng tingin si Ozzy. Nagkibit-balikat lamang ang binatilyo. “What seems to be the problem, Mr. Guarin?” baling niya sa guidance counselor.

Akmang sasagot ang lalaki pero naunahan ito ng ginang. “The problem is that boy!” Itinuro nito si Ozzy na noon ay napapitlag nang duruin ito ng propesora. Biglang nawala ang bored expression sa mukha nito.

“Ano ho ba’ng nangyari, Professor Alvarez? Ano ho ba’ng nagawa ni Ozzy?”

Lumaki ang butas ng ilong ng buntis sa galit. Umupo ito nang derecho. “Hmph! I’ll show you what happened,” anito.

May dinukot ito sa loob ng paperbag. Ipinatong nito ang bagay na iyon sa ibabaw ng lamesa ni Mr.



Guarin.

Nang makita iyon ni Jhoanna ay muntik na siyang mapatili. Kung hindi lamang niya biglang naalala na mawawalan siya ng poise kapag ginawa niya iyon ay baka hindi niya napigilan ang sariling magtitili. Pinilit niyang maging kalmante; hindi siya tuminag sa kinauupuan.

Hindi kasimbilis niya kung mag-isip si Mr. Guarin dahil napasigaw ito. Bigla tuloy napatingin sa kanila ang iba nitong personnel na malapit sa cubicle nito. Nang ma-realize nito ang nagawa ay kaagad itong pumormal, kahit na halatang nawiwindang pa rin ito sa nakita.

Narinig niya ang impit na tawa ni Ozzy. Nagtaka siya sa reaksiyon nito kaya muli niyang tinitigang maigi ang bagay na nasa ibabaw ng lamesa. It was then she realized the joke.

Ang kinuha ni Professor Alvarez mula sa supot ay isang replica ng maitim na daga. Sa unang tingin ay mukha itong tunay na daga kaya ganoon na lamang ang pagkabigla nila ni Mr. Guarin nang una nila iyong makita.

“Hipuin mo, Ma’am,” udyok ni Ozzy sa kanya. “It won’t bite, I promise.”

Hinipo nga ni Jhoanna ang ‘daga.’ *It felt like jelly*, naisalooob niya. Malambot at medyo malagkit.

“Can you guess what happened?” ani Professor Alvarez na nanginginig ang baba sa galit. “This boy threw this thing at me while I was discussing my lesson. So can you imagine my surprise when this thing landed on my belly! My belly, for goodness’ sake! You could have killed my unborn child!” galit na sabi nito sa estudyante.

“Did you actually see this boy threw that... er... thing, Professor Alvarez?” tanong ng guidance counselor.

“No, I didn’t,” mataray na sagot ng propesora.

“You didn’t see him throw it? If that is the case then how can we be sure that he—”

“Because he confessed he was the one who did it, that’s how. He confessed right there and then when I demanded to know who the culprit was.”

Binalingan ni Jhoanna ang estudyante. “Ozzy, how could you? You know that Professor Alvarez is in a delicate condition, so you shouldn’t have done that,” mahinahon niyang paninita rito.

“Hindi ko naman sinasadya, Miss Javier. I didn’t

mean to throw it at her. It was supposed to land on Sammy's head, not Professor Alvarez' belly," paliwanag ng binatilyo.

"Nevertheless, it was a conduct unbecoming of a freshman," giit ni Professor Alvarez. "You, young people, have no respect for authority figures. You should be taught a very hard lesson." Binalingan nito ang guidance counselor. "I strongly recommend that this student be kicked out from this fine university!"

Hindi kaagad nakaimik sina Jhoanna at Mr. Guarin sa narinig. Ang dalaga ang unang naka-recover.

"I think that's a bit of a harsh punishment, Professor Alvarez," sabi niya. "After all, Ozzy did not vandalize anything nor damage any school property."

"And what about the safety of my unborn child, Professor Javier? Bale-wala lang ba iyon? Wala bang importansya ang buhay ng anak ko? Perhaps, you would understand my point of view if you had a child of your own. But since you are single, it is safe to say that you cannot understand my position regarding this matter."

"Hindi naman sa ganoon, Professor. I am simply saying that the offense made by this student does not

warrant the punishment that you recommended.” Binalingan niya ang guidance counselor. “Don’t you agree, Mr. Guarin?”

Matagal bago nakasagot ang tinanong. “Well, Professor Javier has a point,” sagot nito kapagdaka.

Nakahinga nang maluwag si Jhoanna. Isang fair and honest man ang kanilang guidance counselor.

Lalong namula ang mukha ng buntis na propesora sa narinig. Nadagdagan ang galit nito.

“The offense of the student is, in fact, a minor one. And since it was a minor offense, I recommend that a suspension of two days is necessary,” patuloy si Mr. Guarin. Binalingan nito si Ozzy. “Plus a verbal apology from you, young man.”

“Yes, Sir. Of course, Sir,” mabilis na sagot ng binatilyo.

“And I mean now.”

“Sorry po, Professor Alvarez. Hindi na po mauulit.”

Hindi pinansin ng guro ang sinabi ni Ozzy. Umismid ito.

“That’s it? Just a verbal apology and everything’s

fine?”

“Of course. If you want to talk to this young man’s parents, it’s entirely your own prerogative.”

Numipis ang mga labi ni Professor Alvarez. “Oh, I definitely would love to do that, Counselor. But unfortunately, today is my last day here. Naka-leave na ako starting tomorrow.” Saglit itong nag-isip. Pagkaraan ay binalingan nito si Jhoanna. “Since you are this boy’s adviser, Professor Javier, ikaw na ang bahalang kumausap sa parents ng batang ito. Tell them how rude this boy was to me. Impart to them the necessity of instilling discipline in him. He badly needs it,” nailing na sabi nito.

Hindi makatanggi si Jhoanna dahil may punto ang kapwa niya guro. “I will talk to Mr. De Chavez’ parents,” pangako niya rito.

## 2

“Sir, Mr. Ozzy De Chavez is here to see you,” anunsyo ng sekretarya ni Ivan sa intercom.

“Send him in, Cynthia,” sagot ng binata nang hindi inaalis ang tingin sa computer monitor.

Madalas na dumalaw ang nakababatang pinsan sa kanyang opisina kaya hindi niya pinagtakhan ang pagsulpot nito nang araw na iyon.

“Hey, cousin, what’s up? Mukhang seryoso tayo, ah,” bati ni Ozzy nang pumasok ito sa inner office niya. “May problema ba?”

Nag-angat siya ng tingin. Nakita niyang jeans and t-shirt ang suot ng binatilyo.

“No, nothing at all like that,” natatawa niyang sagot. “I’m just finalizing a letter, that’s all.”

Ngumisi ito. “A love letter?” excited nitong tanong. “For who? Can I read it?”

“No, it’s not a love letter, dummy. It’s a business proposal,” pagtatama ni Ivan. “And besides, sa panahon ngayon ay hindi na uso ang love letter. Why write a mushy love letter kung p’wede namang

idaan sa text? Short but effective, di ba?” Kinindatan niya ang bagets.

“Right-O,” natatawang sagot nito. Pasalampak itong umupo sa sofa.

Sinundan niya ito ng tingin.

“It’s Monday and it’s 10:30 in the morning, bakit wala ka sa school ninyo? Wala ba kayong pasok? Don’t tell me you’re playing hooky.”

“Nah, I got suspended,” medyo defensive na sagot nito.

He blinked, twice. “You got suspended?” ulit niya. That explained why Ozzy was not wearing his school uniform.

Nagkibit-balikat ito. “Yeah. It’s stupid, really,” kunwa ay walang pakialam na turan nito. Ikinuwento nito ang buong pangyayari. Nang matapos itong magkuwento ay tumingin ito kay Ivan nang may pag-aalala. “Are you mad?”

Hindi lingid sa kanya na iniidolo siya ng binatilyo. The kid always seemed to seek his approval. He didn’t know why. In the eyes of the boy, he was cool.

“Hell, no,” sagot niya.

Nagliwanag ang mukha nito sa narinig. “See? I knew you’d understand.”

“What I don’t understand, though, is why you allowed yourself to get caught. Shame on you,” biro niya.

Hindi umimik ang binatilyo; nagkibit-balikat lamang ito.

Nagkaroon si Ivan ng suspicion. Ozzy was a playful boy but he was never offensive. This incident in his class was totally out of character for him.

“Tell me honestly, Ozzy, ikaw ba talaga ang nagtapon ng fake na daga sa kaklase mo that accidentally landed on your teacher’s huge belly?”

Ilang segundo bago sumagot ang kausap. “No.”

Nabigla siya. “So it was not your fault, then? So why the heck did you—”

“Because I like her,” putol nito.

Naguluhan siya. “Huh?”

“Reesha. I like her,” ulit nito.

Napakamot sa noo si Ivan. The kid was talking in riddles. From a fake rat to a girl. Frankly, he could not follow what he was saying. Napabuntong-



hininga siya.

“Ozzy, I know you’re a smart kid, but honestly, I don’t see the connection between the rat and this girl you’re talking about. Make sense, man.”

“Si Reesha ang nagtapon ng fake na daga, Kuya Ivan. We were actually targetting Sammy’s head, but she threw such a lousy shot kaya nag-landing ang daga kay Professor Alvarez,” paliwanag nito.

“This Sammy guy, bakit ninyo siya pinagdidiskitahan? Is he bullying you and your classmates?”

“Sammy, a bully?” Ozzy snorted. “Fat chance. He’s sixteen going on fifty, that’s the kind of guy he is. He’s so straight-laced, so formal all the time. He only has one expression: absolute seriousness. As if everything is a damn emergency. That was why we tried to throw the rat at him, we wanted to see his reaction.”

“So you took a ‘bullet’ for this Reesha girl, huh?”

Ozzy smiled, his eyes became dreamy. “Yes, I did. At hindi ko pinagsisisihan iyon.”

“You’re nuts, kid,” naiiling na komento ni Ivan.

“So you’re not mad talaga?”

“Nope,” sagot niya. Muli niyang ibinalik ang atensyon sa computer monitor at nagsimulang mag-type.

“That’s really great, Kuya Ivan.”

Tumangu-tango lang siya, not really listening to his cousin.

Tumikhim ang binatilyo. “That’s good because... ah... you’ll have to talk to my adviser about my so-called offense. It’s required.”

Biglang napabaling ang atensyon ni Ivan sa binatilyo. “Say that again?”

“I said, kailangang kausapin mo si Miss Javier, my adviser. Otherwise, hindi ako papayagang makapasok uli sa mga classes ko.”

Napasandal siya sa silya niya. “Why me? Kung meron mang dapat kumausap sa adviser mo, it should be your parents. Tell them the whole story, I’m sure they’ll understand.”

Christ, he could see Ozzy’s future right before his very eyes. Many, many years from now ay natitiyak niyang mauulit ang scene na ito, his son taking the place of his cousin.

“Dad, my teacher wants to talk to you...” waring

nabi-visualize na niyang opening line ng kanyang future son... or daughter, as the case may be. Bahagya siyang napangiti.

“Nag-overseas call na ako sa kanila, and they understood,” sagot ni Ozzy, unaware of his older cousin’s train of thought.

“Overseas call, you say?”

“Yeah, they’re in Singapore right now. Um-attend doon ng conference si Daddy, and since Mom always goes wherever Dad goes, she’s there as well.”

“Well, there must be somebody else who can talk to your adviser. I’m a single guy, Ozzy.”

“So?”

“So I know nothing about domestic affairs. Find somebody who’s already married. And who is related to you, I might add. At least, makaka-relate sila. Geez, don’t drop this crap on me, okay.”

Ozzy snorted again. “You are really being overly dramatic, Kuya Ivan. You are the closest relative I have. So come on, talk to my adviser or else ay hindi ako makakapasok uli sa klase.”

“I’m the closest relative you have? Oh, come on. What about my parents, which happens to be your

*Brokenhearted Cupid - Sophia Sandoval*

---

Aunt Helen and Uncle Jordan? Talk to one of them.”

“I already did!” exasperated na sagot nito.

“And?”

“They said that I should talk to you. They said that you could handle this. That’s why I’m here.”

Ivan groaned in exasperation.

# 3

Sinulyapan ni Jhoanna ang relo. May thirty minutes pa bago ang susunod niyang klase. Binuklat niya ang libro na nasa ibabaw ng kanyang mesa at nagsimulang magbasa.

Sa mga oras na iyon ay mangilan-ngilan lang ang mga gurong natira sa loob ng faculty room. Ang ilan sa kanila ay may tina-type sa laptop habang ang ilan naman ay piniling matulog bago sumabak sa susunod na klase.

Karamihan sa mga professors na wala roon ay kasalukuyang nagtuturo samantalang ang iba naman ay nagmemerienda sa canteen.

Nahinto siya sa pagbabasa nang maramdamang may nakatayo sa tapat ng table niya. Nag-angat siya ng mukha.

“Good afternoon, Miss Javier,” magalang na bati ni Ozzy. “Kasama ko na po si Kuya Ivan, my cousin. He’s ready to have a talk with you.”

Tinapunan ni Jhoanna ng tingin ang matangkad na lalaki sa likuran nito. Bahagya siyang natigilan.

Ito na yata ang pinakaguwapong lalaki na nakita niya. Muntik na siyang maumid. The gorgeous man was looking intently at her. All of a sudden ay hindi siya makatingin nang derecho rito. Tumayo siya mula sa kinauupuan.

“I’m glad you could make it, Mr...?”

“De Chavez,” dugtong nito. “Ivan de Chavez.”

She did not know why the sound of his deep voice made her knees go weak. Ngayon lang yata nangyari sa kanya iyon. Hindi niya maintindihan kung bakit ganoon ang reaksiyon niya sa lalaking ito.

Iniabot nito ang kanang kamay sa kanya. She took it. His handshake was firm and warm. She forced herself to speak coherently.

“I’m Miss Jhoanna Javier, Ozzy’s adviser,” pagpapakilala niya.

“Pleased to meet you, Miss Javier.”

Nag-travel ang tingin ng lalaki mula sa mukha ng dalaga hanggang sa kanyang baywang. Bahagya itong napangiti habang ginagawaran ng tingin ang katawan niya. Medyo pinamulahan siya ng pisngi. Bigla niyang pinutol ang handshake nila. Nagsisimula na siyang ma-rattle dahil sa ginagawa

ng lalaking ito.

“Please have a seat,” anyaya niya.

Ivan pointedly looked across her table.

“Where? On the floor?” sarkastikong tanong nito.

Jhoanna cursed herself. Saan nga naman uupo ang dalawang ito, gayong walang silya na nakapuwesto sa tapat ng kanyang mesa?

*Calm down, Jhoanna,* she reminded herself.

“I’m sorry, that was thoughtless of me...”

“It’s okay, Ma’am,” sabi ni Ozzy. Kumuha ito ng dalawang monoblock chairs mula sa mga katabing mesa. Hinayaan niyang kunin ng estudyante ang mga iyon dahil wala pang gagamit niyon. Nasa honeymoon ang bagong kasal na sina Ma’am Dorie at Sir Nars.

“Let’s get this over quickly, Miss Javier. I’m a busy man,” sabi ni Ivan nang makaupo na silang tatlo.

Napataas ang isang kilay ng dalaga. “Hindi minamadali ang ganitong bagay, Mr. De Chavez,” sagot niya. “Nasabi na ni Ozzy sa akin na out of the

country sa ngayon ang parents niya. He also said that he'll be bringing his older cousin instead.”

“That’s correct,” sagot nito na malapad na ngumiti.

Nang sabihin sa kanya ni Ozzy na dadalhin nito ang older cousin nito, Jhoanna assumed that the man would be older than the man sitting in front of her. Instead of a forty-year-old man, the guy looked like he was in his late twenties or early thirties.

“I’m sure naikuwento na niya sa iyo ang buong pangyayari kaya hindi na ako magpapaliguy-ligoy pa, Mr. De Chavez. Your cousin committed a grave offense the other day.”

“Grave offense, Miss Javier? I wouldn’t call it grave exactly. Ozzy’s a teenager, what did you expect? Surely, pranks like that are to be expected. After all, this place is not a monastery.”

Hindi niya inaasahan na ganoon ang isasagot ng binata sa kanya. She expected him to be at least apologetic. Instead, he was being arrogant about the whole thing.

“An offense like what Ozzy made was no laughing matter, Mr. De Chavez. Muntik na siyang ma-kick out nang dahil doon. Fortunately for him, it



was averted,” nagpipigil ng inis na turan niya.

“And we have you to thank for that, Miss Javier,” sabi nito. “How can we possibly repay you? Perhaps a dinner with me would suffice?”

*The nerve of the man, treating this whole thing as a joke!* naisip niya. Hindi na siya dapat magtaka sa attitude ng kaharap. She knew his type—rich, young and devilishly handsome. The world was his playground and the people were his toys.

Napabuntong-hininga si Jhoanna. “I can see where Ozzy has gotten his devil-may-care attitude,” komento niya.

“You flatter me, Miss Javier.” Hindi pa rin nawawala ang ngiti nito.

*Flirt*, inis na naisip niya. Pero kahit na alam niyang nagpapa-charming lang sa kanya ang binata ay hindi niya napigilang kiligin sa mga ngiti nito.

“It wasn’t meant as a flattery, Mr. De Chavez.”

Si Ozzy ay lihim na napapangiti sa palitan ng sagot ng dalawang kaharap. Hindi nito tinangkang sumingit.

Ivan leaned on the table. Na-tense bigla ang babae. She found his closeness disconcerting.

“Still, I was flattered,” bulong nito.

Jhoanna found herself mesmerized by the golden brown color of Ivan’s eyes. Pakiramdam niya ay malulunod siya sa mga matang iyon. Hindi niya napigilan ang sariling sulyapan ang maninipis na pinkish lips nito. Sigurado siyang hindi ito naninigarilyo. No man could smoke and have lips like those.

She licked her lips before she could stop herself. Realizing what she had done, she nervously returned her gaze to his eyes.

To her annoyance, she saw that he was watching her. How she wished she could wipe that stupid smirk off his face!

IVAN NOTICED the pink blush on Jhoanna’s soft cheeks. Muli siyang napangiti. The woman blushed too easily.

*Only virgins could blush like that, naa-amuse niyang sabi sa sarili. Could it be that she was still...?*

Muli niyang iginalala ang paningin sa katawan ng dalaga. With a body like that? It was almost impossible.

The woman was beginning to intrigue him. Ozzy was right, this Miss Javier was very pretty. Sa kalkula niya ay nasa mid or late twenties na ito. She looked conservative. She had this stern expression on her face right now. Ivan wondered if he had said anything wrong. Hell, he could not even remember what he had said to her. Something about flattery, he was not sure. One thing was sure though, he enjoyed teasing Miss Javier.

He quickly glanced at her fingers. No wedding ring... and no engagement ring either. That could be a good sign. She was available. That would make teasing her more fun.

She was speaking again. And that voice. Wow, he could listen to her talk all day without getting bored. There was a soothing quality in it. He was mesmerized. Parang gusto tuloy niyang mag-sit-in sa klase nito just to listen to her alluring voice.

“Are there problems in Ozzy’s family?” narinig niyang tanong nito na pumutol sa pagmumuni-muni niya.

“Huh? Problems?” *Focus, man, focus!* he reminded himself.

“I asked because based on his behavior the other

day, Ozzy seemed to be seeking attention.”

Muntik na siyang matawa. *The problem with that family, there's too much love*, sabi niya sa sarili.

“As far as I know ay wala namang problema sa area na iyon,” sagot niya at sinulyapan si Ozzy. Sinegundahan nito ang sinabi niya.

Tiningnang maigi ni Jhoanna ang estudyante; waring may gustong tiyakin. Pagkaraan ay ibinalik nito ang tingin kay Ivan.

“I agree with the guidance counselor and Professor Alvarez that Ozzy needs discipline,” patuloy nito. “Actually, hindi naman niya ugaling mang-disrupt ng klase. As a matter of fact, nagtaka ako nang malaman ko ang ginawa niya. It was so out of character kasi. But just the same, he needs a firm hand to guide him. Just a precautionary measure to prevent this kind of incident from happening again.”

“I would be happy to put him under my wings,” sabi ng binata. “Teach him discipline, respect for the elders, obedience to the rules of society, that sort of thing,” aniya.

Nagsalubong ang dalawang kilay ni Jhoanna. “You would?” diskumpyado nitong tanong.

*Brokenhearted Cupid - Sophia Sandoval*

---

Na-sense niya na hindi nito nagustuhan ang sinabi niya. Hindi na siya nagtaka dahil aware siya kung ano ang impression nito sa kanya. Sa tingin nito ay may pagka-reckless siya. Hindi niya ito masisi kung ganoon nga ang perception nito sa kanya. From the very beginning ay hindi niya sineryoso ang pag-uusap nila.

It was Ozzy's fault, sabi niya sa sarili. The boy dragged him into this mess and he was forced to oblige. He might as well make use of a bad situation and turn it into something entertaining.

“Of course. Your wish is my command. Maybe we could discuss my methods over dinner some time. Are you free tomorrow night?”

Damn it, he was unashamedly flirting with this woman. And he was enjoying every moment of it!

Muling napakunot-noo ang dalaga. “Your methods?”

“My methods on how to instill discipline in my young cousin,” pagkaklaro niya. “Gusto kong masiguro na aprubado sa iyo ang method na gagawin ko.”

“Hindi na kailangan...”

“I beg to be different, Miss Javier.”

“Then we’ll just have to agree to disagree, Mr. De Chavez.” Tumingin ito sa relo at saka tumayo. “I’m afraid I’m late for my next class. If you’ll excuse me, I have to go.”

Tumayo rin si Ivan. “Ihahatid na kita. Saan ba ang room ng next class mo?” pabulong niyang tanong.

Naramdaman niya ang pagbuntong-hininga ng dalaga. He could smell the sweet fragrance of her breath. Lalo siyang na-excite nang hindi niya mawari.

“I don’t need an escort, Mr. De Chavez.” Halatang gigil na ito sa kakulitan niya.

“Call me ‘Ivan,’” hirit pa rin niya.

“I don’t think so,” prangkang sagot ng babae. “Goodbye, Mr. De Chavez. It’s a... pleasure talking to you.”

“The pleasure is all mine,” makahulugan niyang sagot.

“YOU LIKE HER,” tukso ni Ozzy kay Ivan.

Nasa kotse na sila. Siya ang nagmamaneho at hinahatid na niya ang nakababatang pinsan sa bahay nito.

“Who?” kunot-noong tanong niya.

“Who indeed! Eh, di sino pa kundi si Miss Javier. I told you she was pretty,” pagmamalaki ng katabi.

He snorted. “Relax, I was just amusing myself. And your Miss Javier was very amusing.”

“But you like her,” tudyo uli ng binatilyo.

“What’s not to like? She’s more conservative than our grandma, she’s got no sense of humor, and with her hair on a tight bun, she could easily be mistaken for a young Miss Tapia without glasses.” Narinig niyang napabungisngis ang pinsan. “Hell, I’m in love with her already,” sarkastikong sagot niya.

“Come on, Kuya Ivan, admit it. You are smitten with her. I want you to know na boto ako sa kanya para sa iyo. Best man ako, ha?”

“Hey, slow down, kiddo. Para ilang minuto lang kami nagkausap ng Miss Javier mo, pinagmamartsa mo na kami papunta sa altar?” natatawang tugon niya.

“Doon din naman ang punta ninyo, di ba?” tukso nito.

“You’re nuts. What’s weird about you is advance ka kung mag-isip.”

Natawa lang si Ozzy. “I may be nuts, but I have Miss Javier’s cellphone number,” wari ay nang-iinggit na sabi nito.

Sinulyapan niya ito. May pilyong ngiti sa mga labi nito. “At paano ka nagkaroon ng cellphone number niya?”

“I’m the class president,” pagmamalaki nito. “Nagte-text siya sa mga class officers kapag kinakailangan. Like kung hindi siya makakapasok or may quiz kami that day. Stuff like that.”

“Class president ka pala ’tapos ikaw pa ang na-suspend. Nakakahiya ka,” kanyaw ni Ivan.

“It’s all for a good cause. At least, na-impress ko si Reesha. So the end justifies the means.” Nilington siya nito.

“Ever heard the words ‘The end is sh\*t. The means is what you live with’?”

Napakunot-noo ito. “What does that mean exactly?”



“It’s from the movie, *The Corruptor*. It’s simple enough to understand. So if you can’t figure it out, I’ll definitely won’t explain it to you.”

Ozzy rolled his eyes. “So, do you or don’t you want Miss Javier’s cellphone number? Di ba ikaw na rin ang nagsabi na hindi na uso ang love letters ngayon. You said, and I quote, ‘Why write a mushy love letter kung nadadaan naman sa text?’”

Natawa si Ivan. “Your Miss Javier seems a tough cookie to crack. And believe me, she’s one cookie that I have no intention of cracking,” tugon niya.

Nakataas ang isang kilay na tinitigan siya ng katabi. “Is there a double meaning to that statement?”

“Of course not,” pagsisinungaling niya.

“Sigurado ka, Kuya Ivan? You don’t have to protect my pure and young mind, you know. I’m quite knowledgeable in—”

“Oh, shut up.”

Nagkibit-balikat lang ito. “Fine with me if you don’t want to talk about her. Madali naman akong kausap. From now on, Miss Jhoanna Javier is a closed subject.”

Ilang minutong hindi nagkibuan ang dalawa.

“She’s not my type,” biglang anunsyo ni Ivan.

Ozzy rolled his eyes. “Akala ko ba ayaw mo nang pag-usapan natin si Miss Javier? ”Tapos ikaw pa mismo ang nag-reopen ng topic tungkol sa kanya,” reklamo nito. “Make up your mind.”

“Pahabol lang. I just want to make it clear na hindi ko siya type,” katuwiran niya.

“In that case, you have nothing to worry about. You’re not her type either,” ganti nito.

Muli niyang sinulyapan ang teenager na pinsan. “Is that so? What makes you say that?”

“What do you mean?” Ozzy chose that particular moment to play dumb.

“May nabalitaan ka bang boyfriend ni Miss Javier?” Ivan asked in exasperation. Alam niyang nagtatanga-tangahan ang kausap.

“There were some talks....” Sinadya nito na hindi ituloy ang sinasabi. Nagkunwari itong nawalan na ng interes sa usapan nila.

Tuluyan na siyang na-infuriate. “Well, do I have to force the story out of you?” tanong ni Ivan sa tonong nawawalan na ng pasensya.

“Okay, okay. Geez, hindi ka na mabiro. All I know for sure is may special friendship sila ni Mr. Caceres, ’yung professor sa Math Department. At saka lagi namin silang nakikita ng mga classmates ko na sabay nagla-lunch sa canteen. That’s all I know.” Ibinaling nito ang mukha sa bintana at lihim na napabelat. Hindi iyon napansin ng binata.

*Special friends, my a\*s*, sabi ni Ivan sa sarili. Based from his experience, there was no such thing as special friendship. A man and a woman can either be friends or lovers. No in between.

Ano kayang klaseng tao si Mr. Caceres? Ivan wondered what this Math professor looked like.

The opposite of him, most probably—short, dark and boring. That seemed to be the kind of man this Miss Javier would fall for base sa panginigilatis niya rito kanina. But then again, he could be wrong.

What the heck was he doing? Bakit ba pinaguukulan pa niya ng pansin ang gurong iyon? She was not his type, di ba? So why think about her?

Still, he could not help but dream about Jhoanna’s delicately flushed cheeks, her pouty lips, and her perfect ten body.

# 4

Nadismaya si Jhoanna nang makita ang haba ng pila sa taxi stand. Pakiramdam niya ay wala na siyang pasensyang sumunod sa pilang iyon. But she had no choice. Marami siyang bitbit na grocery bags at pawang mabibigat iyon. Sumunod siya sa kahulihuhilang taong nakapila sa taxi stand at ibinaba ang mga dala.

Wala nang pagkain sa apartment na nirentahan niya. Naubusan na rin siya ng toiletries at gamit sa kusina kaya nagpasya siyang mamili nang araw na iyon kahit na alas seis na ng gabi natapos ang huling klase niya. Mahaba pa ang pila sa counter ng supermarket kaya inabot siya ng ganoong oras.

Alas ocho y media na ng gabi. She was tired and hungry. At dahil masikip ang trapiko kapag ganoong oras ay sobrang bagal din ng pag-usad ng pila.

Her shoes were killing her. Bago kasi ang mga iyon at noong araw lang niya isinuot kaya matigas pa ang balat. Kung hindi lang kahiya-hiya ay tinanggal na sana niya ang offensive shoes niya.

Miserableng-miserable ang pakiramdam ni

Jhoanna kaya hindi niya kaagad napansin ang maroon *Honda CR-V* na huminto sa gawing tagiliran niya. Napalingon siya sa sasakyan nang magsimulang mag-roll down ang salaming bintana niyon at tumambad sa kanya ang guwapong mukha ni Ivan.

“You look miserable,” puna nito.

“That’s because I feel miserable,” tugon niya.

Hindi siya nagpahalatang bigla na namang nag-sommersault ang puso niya pagkakita sa binata. Bigla tuloy siyang na-self-conscious. Kinapa niya ang kanyang buhok. Marami nang hibla ang nakatakas mula sa tight bun. Alam niyang mukha na siyang lantang gulay sa mga oras na iyon.

Dumako ang tingin ng lalaki sa grocery bags na nasa paanan niya. Pinatay nito ang makina ng sasakyan at bumaba mula roon. Lumapit ito sa dalaga at sinimulang buhatin ang mga pinamili niya.

“What do you think you’re doing?” takang tanong niya.

“What does it look like? I’m taking you home,” walang kagatul-gatol na anunsyo nito.

Hindi na nagpakipot si Jhoanna. Umalis siya sa pila at sinundan si Ivan sa sasakyan nito. Nang

mailagay nito ang mga grocery bags sa likod ng sasakyan ay binuksan nito ang pinto ng front passenger seat.

“After you,” sabi nito.

Walang-imik na sumakay siya sa sports utility vehicle.

“Address?” anito pagkaraang paandarin muli ang makina ng *CR-V*.

Sinagot niya ang tanong nito at tahimik na tumango lamang ito.

Wala silang kibuan habang binabaybay nila ang daan patungo sa apartment niya. Nagsimulang matense ang dalaga. She had to say something to ease the awkwardness between them.

“Salamat,” sabi ni Jhoanna.

“No problem,” maikli nitong tugon.

Bahagya siyang nagtaka sa inaasal ng binata. Ang impression niya rito ay makulit at madaldal na tao. Bakit ngayon ay super tahimik ito?

“Cat got your tongue?” bigla niyang naitanong.

Napasulyap ito sa kanya. “Excuse me?”

“Ang tahimik mo yata ngayon?”

“Parang ikaw.”

Umiling siya. “Hindi talaga ako madaldal na tao,” paliwanag niya.

“And now you know why I’m keeping my thoughts to myself. Baka ma-bore lang kita sa small talk ko.”

Jhoanna had no answer to that so she kept quiet.

“Kumain ka na ba?” tanong nito.

“Hindi pa. There wasn’t enough time to eat.”

“I thought so. It’s no wonder you look a bit pale,” obserba nito.

Nang huminto ang sasakyan sa tapat ng kanyang tinutuluyan ay si Ivan ang nagpasok ng mga grocery bags sa loob ng maliit na apartment. Ipinalapag ni Jhoanna ang mga iyon sa kusina.

“Nice place,” obserba nito habang ginagala ang tingin sa kabuuan ng kinaroroonan nila.

“Thanks.”

Huminto ang tingin nito sa kanya. “Mag-isa ka lang dito?”

*Brokenhearted Cupid - Sophia Sandoval*

---

Tumango siya. Sa probinsya namamalagi ang kanyang mga magulang kaya siya lang ang nandito sa Manila. Ang kaisa-isa niyang kapatid ay sa ibang bansa nakatira.

Bumalik siya sa sala, sumunod naman sa kanya si Ivan. Binuksan niya ang pinto at humarap sa lalaki.

“Salamat ulit. Good night,” sabi ni Jhoanna.

Nagtaas ito ng isang kilay. “Thank you and good night? Ganoon lang ba iyon? Hindi mo lang ba ako pagkakapehin?” tanong nito, may pilyong ngiti sa mga labi.

Hindi kaagad siya nakasagot. Truth be told, she wanted him to stay longer. But on the other hand, she did not want him to stay. Nagsa-sommersault ang puso niya everytime he was near. She had to get him out of her apartment for her own emotional safety.

“I’m tired and it’s late,” pagdadahilan niya.

“Yes, it’s late. Pero hindi ka pa nagdi-dinner,” sagot nito.

“Kakain ako pag-alis mo.”

“Why don’t I cook for you?” bigla nitong sabi.



*Brokenhearted Cupid - Sophia Sandoval*

---

Biglang naalarma si Jhoanna. She definitely wanted him to leave now that he was back to being his old charming self.

“Hindi na kailangan. I can manage,” aniya, kinakabahan.

Matiim siyang tiningnan ng lalaki, pagkaraan ay natawa ito. “You’re a lousy liar. Look at you, mukhang babagsak ka na sa pagod.” Isinara nito ang pinto ng apartment. “Halika.” Hinila siya nito patungo sa kusina.

He started rummaging through one of the grocery bags when they reached the kitchen.

“Care to tell me what you’re doing?” nahihiwagaang tanong ni Jhoanna.

“Ipagluluto kita.”

“Seryoso ka ba?”

“Sweetheart, I’m so serious I could be taken to an emergency ward,” pagbibiro nito.

Bahagya siyang nag-blush nang tawagin siya nitong ‘sweetheart’ kahit na pabiro lang ang pagkakasabi niyon.

“You’re blushing again,” obserba ng binata. “You

really do blush beautifully.”

Napahalukip siya. “I’m not blushing,” kaila niya.

He snorted. “Then it must be my eyes that are tainted pink.”

Hindi nakaimik si Jhoanna.

“So, what will you have?” untag nito mayamaya.

“Hindi mo na kailangang magluto. Hindi ako kumakain ng kanin sa gabi. Tuna sandwich na lang siguro.”

“Tuna sandwich coming right up.”

Habang naghahanda ito ng tuna sandwich ay hinugot niya ang isang silya ng dining table at umupo. Hinubad niya ang kanyang sapatos at nagstretch ng paa.

*God, this feels so good!* she groaned in relief, her eyes closed. Nakawala na rin ang kanyang masakit na mga paa mula sa kanyang bagong sapatos.

Nang magmulat siya ng mga mata pagkaraan ng ilang minuto ay na-discover niyang pinagmamasdan siya ni Ivan. Kamuntik na tuloy siyang mahulog sa kinauupuan. Bigla siyang umayos ng upo.

“There’s your tuna sandwich, Madam,” sabi nito sa naa-amuse na boses. Iminuwestra pa nito ang pagkain.

Saka pa lang niya napansin ang plato ng tuna sandwich na nakapatong sa ibabaw ng dining table. Sa tabi ng plato ay isang baso at isang bote ng C2 na binili niya kanina sa grocery.

“Ang bilis mo palang magtrabaho,” nasabi niya para mapagtakpan ang biglaang pagka-tense. “Bakit isa lang ang ginawa mong sandwich? Hindi ka ba kakain?”

“I’m not hungry. Kagagaling ko lang sa *Rack’s* nang madaanan kita sa pila. Kain na.”

Nagsimula siyang kumain. Hinila ng binata ang bakanteng silya sa tabi niya. The scent of his cologne invaded her nostrils. Nahirapan tuloy siyang lunukin ang nginunguyang sandwich. Lumagok siya ng C2, hindi na siya gumamit ng baso.

Lalo siyang na-tense nang ilapit nito ang mukha sa kanya.

“And do you know what else I’m expert at?” he whispered, a slight smile on his handsome face.

Hindi niya nakuhang sumagot. She could not

trust herself to speak.

“Magaling din akong magmasahe,” patuloy nito.

Bago pa siya nakapag-react ay inabot ng lalaki ang kanang paa niya at ipinatong iyon sa hita nito. Sinimulan nito ang pagmamasaha sa talampakan niya.

Hindi niya malaman kung paano magre-react sa ginagawa ng binata. Kapag nagpumilit siyang bawiin ang paa ay baka isipin nitong manang na manang siya. At sa tingin niya ay magmumukhang awkward ang posisyon niya kung makikipag-agawan pa siya para sa sarili niyang paa.

On the other hand, his foot massage felt so good! Nararamdaman niyang unti-unting nare-relax ang buo niyang katawan. Dumako ang mga kamay nito sa binti niya at patuloy na nagmasahe.

His fingers moved sensuously... teasingly on her bare foot.

Jhoanna inhaled deeply and closed her eyes. All of a sudden, she felt the urge to lie down on the softest bed and stay there for all eternity. She groaned wistfully.

Nang magmulat siya ng mga mata ay nakita

niyang matiim na nakatingin sa kanya si Ivan.

It was the second time she caught him watching her. Was he deliberately trying to seduce her?

She shook her head. *Impossible*, giit niya sa sarili. Hindi ang tulad niya ang magugustuhan nito. Magkaiba sila ng mundo.

Suddenly, it dawned on her. He was just flirting with her. Nagpapa-cute na naman ito sa kanya. Kung kanina ay seryoso ang mood nito, ngayon ay bumabalik ang reckless and playful side nito.

Bigla niyang binawi ang kanang paa.

“Thanks, I needed that,” patay-malisya niyang sabi. Hindi na niya pinayagang imasahe nito ang kaliwang paa niya. *Once is too much*, aniya sa sarili.

Nang matapos siyang kumain ay nagpaalam na ang lalaki. Nang maihatid niya ito sa labas ng apartment niya ay may bigla siyang naalala.

“May nakalimutan ka,” banggit niya.

Sinapo nito ang noo. “You’re right. How can I forget?”

Hindi niya inaasahan ang sumunod na pangyayari. Suddenly, he was giving her a light kiss.

*Brokenhearted Cupid - Sophia Sandoval*

---

Hindi siya kaagad nakapag-react. Napapansin niya na pagdating kay Ivan, parang bumabagal ang defensive reflexes niya. Sa halip na itulak at sampalin ang guwapong mukha nito ay hinayaan niya itong halikan siya nang walang permiso.

*Hoy, teacher ka! You were supposed to uphold morality. What you're doing is indecent!* sigaw ng kanyang konsyensya.

*How could this be indecent when it feels so good,* katuwiran ng puso niya.

*Haliparot! Haliparot!* patuloy na kutya ng isip niya.

Bigla siyang natauhan. Kaagad niyang pinutol ang halik nila ni Ivan. Naramdaman niyang humugot ng malalim na hininga ang binata bago ito nagsalita.

“Thanks for reminding me. I almost forgot,” bulong nito.

Napalunok siya. “H-hindi iyon ang ibig kong sabihin. Sasabihin ko sanang nakalimutan mong magkape.”

Bahagya itong ngumiti. “Silly me,” sabi ng binata. “Let’s just save it for some other time.”

Tumalikod na ito at sumakay sa CR-V. Bago nito

*Brokenhearted Cupid - Sophia Sandoval*

---

pinatakbo ang sasakyan ay nilingon nito si Jhoanna.

“Don’t forget, you owe me a cup of coffee.”

And just like that, he was gone.